# PROLOGUE

"Will naman, please understand," samo ni Yvette sa kanyang fiancé. Hinigpitan niya ang pagkakakapit sa cellphone sa kaliwang kamay habang ang kabilang kamay ay nakahawak sa manibela. Parang dudulas kasi ang aparato mula sa kamay niya. "I'm not playing hanky-panky here. Nag-o-overtime ako sa trabaho."

"But I wanted you to go to this party with me. You could have cancelled that stupid meeting," iritadong sabi ng binata. "It's Saturday today, at dapat day-off mo. And what kind of meeting extends until two a.m.?"

Napabuntong-hininga siya. Palagi na lang nilang pinagtatalunan ni Wilfred ang pamamahala niya sa negosyo ng kanyang pamilya. Pero wala siyang magawa sa bagay na iyon dahil siya ang solong anak. Siya lamang ang tanging inaasahan ng mga magulang.

"Japanese clients ang kasama ko," paliwanag niya. "Alam mong mahilig silang mag-videoke. Hindi ko sila p'wedeng basta iwan. S'abi ko kasi sa 'yo, ikaw na lang ang sumama sa akin. Palagi naman kitang ini-invite tuwing may lakad ako, so you can

familiarize yourself with the business. Pero ikaw ang laging tumatanggi."

"Ano ang kinalaman ko sa negosyo n'yo?" asik nito. "Unlike you, Miss Chief Operating Officer, I'm just a lowly bank employee."

Napabuntong-hininga siya muli. Tuwing nagse-sentimyento nang ganito si Wilfred, naiisip niyang nate-threaten lang ito sa estado ng kanilang pamilya. Hindi naman niya kasalanan na ipinanganak siya sa may-kayang angkan. And for the record, never niyang ipinangalandakan iyon.

"You're a senior vice president, honey," paalala niya, sa pag-asang mabawasan ang inis nito. "Hindi ka lang basta empleyado."

She heard him grunt on the other end of the line.

"Sige na," patuloy niya. Nauubusan na siya ng pasensya. She was getting tired of lifting his ego. "Ayaw ko nang makipagtalo. I'm tired and I'm driving. I just want to get home and plop myself in bed."

"Gan'un, Yvette? Sinasabi mong pagod ka nang makipagdiskusyon sa akin?" iritang sabi nito. "Pagod ka na sa akin, is that it?"

Napakagat-labi siya para hindi masigawan ang

nobyo. She has always been the type who thinks before she reacts. Ipinasya niyang kabigin pakanan ang kotse para makaalis sa fast lane ng Skyway. Minabuti niyang magpunta sa service lane, at huminto roon bago siya maaksidente.

"Answer me, Yvette!" sigaw nito.

Pero hindi na nakasagot si Yvette. Nabitawan niya ang kanyang cellphone. Mabilis niyang inilipat ang kaliwang kamay sa manibela upang asistehin ang kanang kamay na nagmamaniobra sa kotse. Naging napakahirap niyon, pareho kasing pasmado ang mga kamay niya dahil sa tensyon.

Sa susunod na mga segundo, nakipaglaban siya sa kanyang sasakyan, na ayaw sundin ang ipinagagagawa niya. Kanina pa niya tinatapakan ang brake pad para makapag-menor ng takbo, pero ayaw kumagat niyon.

Sa halip, lalong bumilis ang pagtakbo ng sasakyan dahil naging pababa ang kalsada. At ngayon, nakikita niyang papalapit na siya sa metal railings ng Skyway.

Kaalinsabay ng pagbilis ng sasakyan, ganoon din ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso. Naramdaman niyang tumatagaktak ang pawis niya sa noo pababa ng kanyang pisngi, kahit na malamig ang air-con.

Paulit-ulit niyang tinapakan ang brake pad pero

walang resulta. "Diyos ko po!"

Inisip niya ang dapat gawin. Dapat bang ilagay niya ang awto sa neutral? Itaas kaya niya ang handbrake? O dapat ilagay niya ang gear sa Park, dahil automatic naman ang kanyang sasakyan?

Sa dami ng laman ng kanyang utak, litung-lito siya. Hindi niya alam kung alin ang dapat niyang sundin.

As a last resort, ikinabig ni Yvette ang manibela pakaliwa, para sana maiwasan ang mga rehas. But her damp palms against the rubber steering wheel made the task extremely difficult.

Kaya tuluyang nahuli ang lahat.

Parang isang slow motion movie, nakita niya kung paano sumabog ang liwanag sa pagsalpok ng bumper at headlights laban sa metal na rehas. Wala siyang ibang magawa kundi tumili nang malakas.

On instinct, itinaas niya ang mga braso sa mukha para proteksyunan iyon. Hindi man niya nakita ang pagsabog ng windshield, narinig naman niya ang lakas ng pagkawasak niyon. The sound of breaking glass echoed through her entire body, turning her blood to ice. She waited for the onslaught of pain.

Ngunit hindi ito dumating.

Sa halip, naramdaman niyang lumulutang siya sa kalawakan. Wala siyang anumang kontrol. Parang pagkagaan-gaan niya at tinatangay siya ng kung anong malakas na puwersa. Tila lulutang-lutang siya sa gitna ng mga ulap.

Sa background, nauliningan niya ang isang baritonong boses. Malalim iyon at kahali-halina, pero hindi pamilyar sa kanya. "Just hang on!" sabi nito. It was a voice full of hope. "Don't give up. Just hang on!"

Umangkla siya sa paghihikayat ng misteryosong boses. She really had to hang on. She had no other choice but to hang on for dear life.

Gusto pa sanang makita ni Yvette kung sino ang nagmamay-ari ng tinig na iyon at kung ano ang mangyayari, pero biglang namigat ang talukap ng kanyang mga mata. Unti-unti na siyang tinatakasan ng ulirat.

Pero bago niya tuluyang naisara ang mga mata, nakakita siya ng matindi at nakakasilaw na liwanag.

# 1

Sinikap buksan ni Yvette ang kanyang mga mata, pero halos mabulag siya sa matinding sikat ng araw mula bintana. Dahil sa makapanindig-balahibo niyang bangungot, napatili siya na siyang nagpagising sa kanya.

Unti-unti niyang iminulat ang mga mata. Nang tuluyang masanay iyon sa liwanag, malaya niyang nasuri ang paligid. But she could barely make out the details of the room because her head was pounding. Isa pa, nakahiga pa rin siya at wala siyang lakas umupo.

Basta ang alam lang niya, nasa loob siya ng isang puting kuwarto at nakasuot ng asul na nightgown. And it wasn't her own room nor her own clothes. Ibinaling niya ang mga mata sa kaliwang kamay, na bahagya niyang itinaas, at napansin ang nakasaksak na intravenous needle doon.

Bumagsak ang kanyang panga sa nakita. Sinundan ng tingin niya ang manipis na hose mula sa kanyang kamay, pataas hanggang dumako sa plastic dextrose pouch.

Muli niyang inikot ang mga mata sa kuwarto. This time around, she was able to notice details she had missed earlier. May heart monitor sa kaliwang panig niya. Sa tabi niyon ay isang komplikadong makina, na hindi niya alam kung ano. Basta may mga wires mula roon, na naka-tape sa kanyang dibdib.

Doon niya napagtanto, nasa ospital siya. At hindi basta bangungot ang mga imahe na patuloy-tuloy na umiikot sa kanyang isipan habang siya ay nakahimlay. Totoong-totoo ang mga iyon!

It must have happened yesterday. Her living nightmare.

Napasigaw nang malakas si Yvette. Pagkatapos niyon, muli siyang nawalan ng malay-tao.

NANG MULING BUKSAN ni Yvette ang kanyang mga mata, nakita niya ang nag-aalalang mukha ng kanyang mga magulang. They had both aged since she saw them yesterday, before she left for work.

Ang kanyang pustoryosang ina ay walang bakas ng makeup. Kapansin-pansin din ang malalim nitong mga eyebags, na dati naman ay wala roon. Ang kanyang papa naman ay parang numipis ang

buhok sa ulo. There were also deeper lines etched on his forehead.

"Ano'ng nangyari sa inyo?" patukoy niya sa biglang pagbabagong–anyo ng mga ito, na talagang kataka-taka sa kanya.

But they misunderstood her. "Naaksidente ka, anak," sagot ni Mrs. Evelyn Sta. Maria. "Nahulog ang kotse mo sa tagiliran ng Skyway at bumagsak nang pabaligtad sa South Superhighway sa ibaba."

Halos lumuwa ang mga mata niya. Her amazement over her parents' features was instantly forgotten. Alam niyang naaksidente siya. She just didn't realize how serious it was.

"You survived because nag-deploy ang airbag ng kotse mo," dagdag ng kanyang ama. "At sinabi ng mga pulis, buti na rin daw na maliit kang babae. Anyone taller would've have been crushed to death."

For the first time in her life, ipinagpasalamat ni Yvette ang kanyang height na five feet, two and one-fourth inches. Dahil doon, nasalba siya. Makakahinga na sana siya nang maluwag, pero naalala niyang bumagsak siya mula sa Skyway, sa daan sa ibaba.

"M-may iba bang n-nasak… n-nasak…" Pero hindi niya matapos ang kanyang tanong. Masakit sa

kanyang isipin kung may nadamay siyang iba.

"Walang ibang nasaktan, Anak," anang ginang. "It was really late. Thank heavens walang masyadong tao noon sa daan."

Para siyang nabunutan ng tinik. She would hate herself forever kung may namatay dahil nakikipag-usap siya sa cellphone habang nagda-drive samantalang bawal iyon. At doon niya naalala ang katipan. "Nasaan si Wilfred?"

Walang sumagot sa kanyang tanong. Nakita niyang nagkatinginan ang mga magulang. At nabasa niya ang pangamba sa kanilang mga mukha. Naisip tuloy niya, baka may masamang nangyari rito.

"Anak, about him..." marahang sabi ni Evelyn at huminga muna nang malalim, "ikinasal na siya."

Lahat ng dugo ni Yvette ay parang naging yelo sa loob ng kanyang mga ugat, parang sa mismong segundo na bumangga ang kotse niya sa mga rehas. "K-kasal?" naguguluhan niyang tanong. How could he be married? They were just planning their own wedding yesterday.

"A-anak, actually, it's b-been t-two... two years since…" pautal-utal na sabi ng matandang babae.

Hinawakan ni Pablo Sta. Maria ang braso ng asawa bilang suporta. Ito na rin ang nagpatuloy sa nais ipaliwanag ng misis nito. "Baby, what your mom is trying to say, it's been two long years since the accident. You've been asleep for two years."

"Two years?" naguguluhang ulit niya. "Two years..."

And then it finally dawned on her. Kaya pala parang nagbago ang hitsura ng kanyang mga magulang. Her eyes were not playing tricks on her. Nagbago sila dahil umusad ang panahon. She was in a coma for two years and her accident didn't happen just last night!

Napapikit si Yvette. She could feel her heart racing at the realization.

Parang biglang gumuho ang kanyang mundo. How could Wilfred go on without her? Kung mahal talaga siya nito, he would have waited for her. But then a part of her knew she was being unfair dahil matagal na rin siyang nakahimlay; she was unconscious for two years. Pero kahit batid niya iyon, nangibabaw pa rin sa kanyang kalooban ang pagkayamot.

Bumuntong-hininga siya at sinikap na mapawi

ang ngitngit niya. Unti-unting napalitan ng hinanakit ang inis at nakaramdam din siya ng kalituhan at takot. Ano na ang dapat niyang gawin sa buhay niya ngayon? Her life as she knows it, is gone.

*And it is gone forever.*

Umusad ang mga araw at napag-iwanan siya. Two whole years. Twenty-four months. Seven hundred and thirty days. Seventeen-thousand five hundred twenty hours. Ang dami-daming nawalang oras. Nasayang ang mga oras ng kanyang buhay.

Naramdaman niya ang init ng palad ng kanyang ina sa braso niya. “Honey, we’ve waited so long for you to wake up. I prayed so hard and I knew ibabalik ka pa rin sa amin ni Lord. Please, please don’t give up on us now.”

Kahit parang gusto niyang matulog habambuhay, nilabanan niya iyon. She opened her eyes again. She owed it to her parents to go on. “I love you both,” aniya. At iniangat niya ang mga braso bilang imbitasyon na yakapin siya ng mga ito.

BINUKSAN NI YVETTE ang mga mata. For someone who had been sleeping the past two years, hindi niya maintindihan kung bakit hapung-hapo

pa rin ang pakiramdam niya. Hindi man lang niya namalayan na nakatulog siya ulit.

Bago siya muling naidlip ay dumating ang mga doktor at ineksamin siya. Lahat ay tuwang-tuwang nanumbalik na ang malay niya. Sinabihan siyang she would need therapy for her to regain all her physical and mental functions na matagal na napahinga.

Iginala niya ang mga mata sa silid. Tumigil iyon sa natutulog na pigura ng kanyang ina sa munting katre sa kabilang bahagi ng kuwarto. She looked so worn-out kahit nagsisimula pa lamang ang araw.

Nangilid ang luha sa kanyang mga mata nang makita ang nakapamaluktot niyang ina, na wala man lang unan. Abang-aba siya rito. How many times did her mother sleep in that uncomfortable sofa bed just to keep her company?

A quick glimpse at the clock told her it was only eleven in the morning. Mga dalawang oras na siyang tulog. Wala ang anumang bakas ng kanyang ama sa silid. Marahil, pumasok na ito sa trabaho.

Sinubukan niyang umupo mag-isa. Hirap na hirap siyang gawin iyon dahil parang nangangalay pa ang bawat himaymay ng kanyang laman sa katawan. Itinukod niya ang kaliwang siko sa kama,

para patagilid na maiangat ang sarili. Gusto sana niyang kumuha ng isang basong tubig, sapagkat tuyung-tuyo ang kanyang lalamunan.

Dahil sa mumunti niyang kaluskos, nagising ang kanyang mama. Nang makita nito ang kanyang ginagawa, kaagad itong tumayo para tulungan siya. “Ikaw naman kasi, bata ka,” kastigo nito, “dapat ginising mo ako.”

“I didn’t want to bother you, ‘Ma,” aniya. “Mukhang napakasarap ng tulog mo. At gusto ko na rin namang kumilos after lying down on this bed for so long.”

Ikinuha siya nito ng isang basong tubig nang sabihin niyang nais niyang uminom. Sa isang iglap, ininom niya ang lahat ng laman niyon. Ni hindi na siya humugot ng hangin para huminto. Pagkatapos, ibinigay niya sa ina ang basong wala nang laman at sinabing, “Salamat po.”

Habang inaayos nito ang mga gamit, inungkat niya ang kinaroroonan ng ama. At gaya ng kanyang naisip, sinabi ng ina nasa trabaho nga ito.

“He has been working hard, honey. Hindi kasi kami makahanap ng mapagkakatiwalaang tao,” paliwanag nito.

Yvette felt guilty; siya dapat ang nangangasiwa roon. Pero dahil sa aksidente, ang papa niya ang muling umako sa pamamahala ng negosyo nila. He was about to retire back then.

She felt tears at the corner of her eyes, but she willed them not to fall. Nakakasiguro siyang malulungkot ang kanyang ina kapag nakita iyon. She changed the topic of their conversation.

“Sino ang pinakasalan ni Wilfred, Mama?”

She knew it was also a touchy topic, but she couldn’t help herself. Gusto niyang malaman kung sino ang ipinalit ng lalaki sa kanya. She deserved to know that much. She tried to keep her voice even para hindi mahalata ng ginang  ang kanyang pagkabalisa.

Pero ang totoo, apektadung-apektado siya sa narinig na balita kanina tungkol sa dating nobyo. Nararamdaman niya ang pag-iinit ng kanyang mga tainga at pagkulo ng dugo niya habang iniisip na ganoon siya kabilis pinalitan ni Wilfred. Hindi naman masyadong matagal ang dalawang taon.

Hindi pa rin siya makapaniwala na basta na lang nito itinapon ang five years nilang relasyon nang ganoon lang kadali. She met him when she was

twenty-one and fresh out of college. Dahil guwapo, cariñoso at magaling magsalita, he literally swept her off her feet.

Bukod pa rito, marami silang pagkakapareho. Pareho silang mahilig manood ng sine at kumain sa labas. They also both loved the beach and bonded well while going to places like Puerto Galera, Palawan and Boracay. She would like to think they had a happy fulfilling relationship headed for living happily ever after.

But she must have been wrong all this time. Because he got over her rather too fast. And the hurt was still very fresh in her heart.

But she couldn't fool her mom. A look of concern flashed on the older woman's face. "Sigurado ka bang handa ka nang pag-usapan ang mga bagay na ito?" Lumapit ito at umupo sa gilid ng kama.

Tumango si Yvette. "I want to hear the truth," aniya. "Siya ang kausap ko sa cellphone nang mangyari ang aksidente. At ang feeling ko, all this happened just yesterday. I'm still trying to grasp that it's actually been two years since it happened."

"Okay, if you're ready for this, wala akong magagawa," anito. "He married Normie. Napikot

kasi siya as the woman was pregnant."

"Si Normie?" naguguluhang tanong niya. "His secretary?"

Tumango ito. "After the accident, he visited you regularly. In fact, he was so distraught. Sinisi nga niya ang sarili niya dahil baka na-distract ka raw sa pagda-drive mo habang magkausap kayo sa phone."

Hindi na niya narinig ang mga iba pang sinabi ng ina. Wala na siyang pakialam sa mga detalyeng iyon. Ang mas tumimo sa kanyang isip ay ipinagpalit siya ni Wilfred. May nabuntis itong iba. "When did they get married?'

Her mother looked away for a minute as if deliberating whether to tell her or not. Kapagkuwa'y nagpatuloy ito, "Six months after your accident."

Napanganga si Yvette sa pagkamangha. "Just six months?" bulalas niya.

Hindi nga siya nagkamali. He really did take their relationship lightly. Dahil kung nagkabaligtad ang sitwasyon at si Wilfred ang nalagay sa coma, she wouldn't leave him that easily. She would help in his recovery and she'd continue to take good care of him. Hindi basta ganoon kadali mapapalitan o maisasara ang kanyang damdamin.

She felt betrayed. He obviously didn't love her enough, or he wouldn't have moved on in such a short span of time.

"Six months," mahinang ulit niya, na para bang pinapapaniwala ang sarili. It hurt so bad she felt a stinging sensation at the back of her throat. "Mukhang hindi man lang siya naapektuhan ng nangyari sa 'kin. Mabilis niya akong nakalimutan. At ngayon, may anak na sila."

Naramdaman ni Yvette ang kamay ng ina na pumatong sa kanyang balikat. Pinisil nito iyon, sagisag ng pagsuporta nito. Akmang bubuksan nito ang bibig, pero nabitin ang sasabihin nito sa ere dahil may kumatok sa pinto.

Ibinaling nito ang atensyon doon "Tuloy, bukas iyan."

Narinig ni Yvette ang pagbukas-sara ng pinto. Natatakpan ang pinto ng banyo sa gilid kaya parang may mumunting pasilyo bago marating ninuman ang kinalalagyan ng kama. She took a few deep breaths to compose herself. Kapagkuwa'y natanaw niya ang mukha ng panauhin.

Malalim at bilugan ang mga mata nito na pinalilibutan ng makakapal na pilikmata. His eyes

were framed by thick brows that gave him a sort of mysterious air. Titig na titig ito sa kanya.

She shifted her body a little bit on the bed. His gaze made her slightly uncomfortable. However, it was not that uncomfortable enough to stop her from returning his stare.

Napansin din niya ang mataas nitong cheekbones at ang may katangusan nitong ilong. The latter would have been perfect except for the tiny bump at its bridge. But it gave the man great character. He also had a hint of stubbles on his very square jawline. In short, he was handsome, but in a very rugged kind of way.

It was hard for her not to notice these things about the man, because he almost filled the entire room by his sheer dominant presence. Malaki ang bulto nito, malalapad ang balikat at matangkad.

Hinawi nito ang buhok na bahagyang tumabing sa mukha. At dahil doon, naputol ang kanilang eye contact. “Good morning ho,” bati nito.

“Magandang umaga din, Mr. Regalado,” sagot ng kanyang ina. May mga iba pa itong sinabi pero hindi na iyon narinig ni Yvette.

Para siyang kinuryente sa sobrang pagkagulat.

Kaalinsabay niyon, nagsitayuan ang lahat ng kanyang balahibo sa katawan. More than his physical appearance, it was his voice that got under her skin. Sobrang pamilyar nito. Malalim at may kakaibang panghalina.

Iyon ang estrangherong boses sa kanyang panaginip! *“Just hang on!”* sabi nito. It was this man’s encouragement that gave her hope.

*Pero bakit?* tanong ng kanyang isip.

Why did her brain conjure up this man’s voice? She had never met him before. Ito ang kauna-unahan nilang pagkikita. Pero bakit ang boses nito ang nakakintal sa isip niya?

# 2

"Hija, ano'ng problema?" nag-aalalang tanong ni Evelyn. "Bakit parang bigla kang namutla?"

Napamulagat si Yvette. Ni hindi man lang niya namalayan na naglakbay ang kanyang diwa. Iniling-iling niya ang ulo. "Don't worry, Ma, I'm fine. May naisip lang ako," palusot niya. Hindi niya masabi ang tunay na dahilan dahil nahihiya siya.

"This is Mr. Jude Regalado, hija," patuloy nito. "He's an insurance adjuster."

Tumango lang siya bilang pag-acknowledge rito. Hindi niya kasi alam ang dapat niyang sabihin. She was still reeling from the shock that the voice in her dream was actually alive, real. And now the owner of that voice was standing at the foot of her hospital bed.

"'Jude' na lang ho," sabi nito. "I came as soon as I got your call, Ma'am."

Ipinaliwanag ng kanyang ina na isang taga-insurance company ang lalaki. Matapos siyang maaksidente at idineklarang comatose ng mga doktor, dumaan sa hospital ang binata para ayusin

ang insurance claim nila sa kanyang sasakyan. Since it had been declared a total wreck by the accident, ang kompanya nito ang magbibigay ng kabayaran. But they couldn't make her a check because they needed her signature.

"Bakit hindi na lang ibinigay sa magulang ko?" taka niyang tanong.

"Policy, Ma'am," sagot nito. "I'm sorry for sounding crude, but since nasa coma po kayo that time, there is no death certificate kaya walang mapipirmahan ang inyong mga magulang."

At the mention of death, nagsitayuang muli lahat ng kanyang balahibo. Muntik na nga siyang kunin ni Kamatayan. And now, she was on her second lease on life. Dapat magpasalamat siya. Not many people get this kind of a second chance.

Tinanguan lang niya si Jude bilang tanda na nauunawaan niya ito.

"Ano po ba ang gusto n'yo, Ma'am?" anito. "Replacement car or cash equivalent nito sa panahon na nangyari ang aksidente?"

Gumapang muli ang kilabot sa katawan ni Yvette nang marinig niya ang huling salitang iyon. Bumalik sa kanyang isip ang mga detalye ng

aksidente. Naalala niyang hindi kumagat ang brake ng sasakyan noon. Napailing siya dahil imposible iyon.

"You don't want anything?" gulat nitong tanong. "But Ma'am, it's rightfully yours. Binayaran n'yo po ang premiums ng insurance kada buwan."

Wala siyang magawa kundi umiling-iling.

"Ano'ng problema, anak?" ani Mrs. Sta. Maria habang hinahagod ang kanyang likod. Bakas ang pag-aalala sa tinig nito. Bumaling ito sa binata. "Maybe we should do this another time. I could've made a mistake calling you this soon," anito. "Baka sumama na ang pakiramdam niya."

"No! No, I'm fine," pasubali niya. She looked at Jude straight in the eye. "It wasn't an accident."

There was a look of pity in his eyes and she didn't like it one bit. "Natitiyak kong hindi iyon isang aksidente!" mas malakas niyang pahayag, na parang pinaniniwala ito sa kanyang isiniwalat.

"As far as I can tell, Miss Sta. Maria, it was," simula nito. "Ang sabi sa file ko, katatapos lamang ng ulan nang gabing iyon kaya madulas ang daan. Bukod pa roon, gasgas na po ang brake n'yo kaya hindi ito kumapit."

"It was sabotaged!" payak niyang sabi kahit na nag-aalangan ang tingin nito sa kanya.

"Anak, you don't know that," pang-aalo ng kanyang ina upang pakalmahin siya. "It's been two years…"

"Ma, I may have been asleep for two years, pero hindi ako nagka-amnesia," paliwanag niya. "I remember what happened as if it was just yesterday." Her eyes willed them to believe. To understand her.

Tumingin siya kay Jude. "I had my car checked on that day. In fact, kaya na-reset 'yung client lunch ko to dinner kasi nagtagal ako sa talyer. Ako ang nagdadala ng sariling kong sasakyan for maintenance. I bought my own car, so I make it my business to know. Maniwala ka, kapapalit lang ng brake pads noon so I'm positive they're new."

"Pero sino naman ang sisira noon?" litong tanong ni Mrs. Sta. Maria.

"Ewan ko!" aniya. "As far as I know, wala akong kaaway. Pero I'm now pretty sure hindi iyon aksidente. Kung brake pads man ang dahilan, it is because it was sabotaged."

"Kung ganoon, Miss Sta. Maria—"

"Just call me 'Yvette,' please," putol niya kay Jude.

Tumango ito. "Kung ganoon, Yvette, I need to make a more thorough investigation. Para ma-inform ko rin ang mga awtoridad kung criminal case nga ito."

"You mean may nagtangka sa buhay mo?" nangangatog na sabi ng ginang, na ngayon lamang naliwanagan. "We should get you a bodyguard then."

Marahas siyang umiling. "I don't need one, Ma. Kung talagang gusto akong tuluyan ng gumawa nito, he or she would have found a way to do it here while I was sleeping," payak niyang turan. Nang mukhang magpoprotesta pa ito, nagpatuloy siya, "I just want peace, Ma. And I can't have that with a bodyguard."

"Fine," wala sa loob nitong tugon. "I'm just worried about your safety."

Muli niyang hinarap ang binata. "Ang gusto kong malaman ay kung sino ang sumira ng brake pads ko," simula niya. "Hindi maganda ang biro niya. But I want to do it discreetly. Matutulungan mo ba ako?"

"Okay," anito. "I promise gagawin ko lahat ng makakaya ko. I will dig for dirt, pero hindi na muna

natin ipapaalam sa awtoridad kung ayaw mo. Better safe than sorry."

Kahit hindi niya ito kilala, she believed him. Panatag ang kanyang loob at may kumpiyansa siya rito. She really had this strong feeling that he would do everything in his power to help her.

Maaaring imposibleng hagilapin ang sagot sa mga misteryong nangyari sa kanya dalawang taon na ang nakakalipas, subalit dahil sa pangako ni Jude Regalado, parang mayroon siyang pag-asang matunton iyon at mabatid ang katotohanan.

*BAKIT NGA BA ako nangakong tutulong?* tanong ni Jude sa sarili habang nagda-drive siya pabalik ng main office ng insurance company na pinapasukan. How would he unearth the truth about something that happened two years ago? Being an adjuster wasn't even actually a part of his job description. It just so happened he was the owner and operations manager of *Blue Cross Insurance Company*, na may iba't ibang klase ng insurance para sa automobile, health at life. He could have easily gotten in touch with someone at the automobile division.

Pero kanina mula sa kanyang opisina, naulinigan

niya ang kanyang sekretarya na may kausap sa phone dahil naiwang bukas ang pinto.

*"Ma'am, I don't know how you got this line, pero hindi po adjuster si Mr. Regalado. Siya po ang may-ari ng kompanya," paliwanag ni Shirley sa kausap nito sa kabilang linya. "Iko-connect ko na lang po kayo sa ibang division, Mrs. Sta. Maria."*

Nang marinig niya ang pangalan, parang may kung anong light bulb na sumindi sa kanyang utak. It was not a very common name. Tandang-tanda pa rin niya ang araw na iyon, some two years back, kung kailan iniabot niya ang business card kay Mrs. Evelyn Sta. Maria habang nasa *Makati Medical Center* sila.

Noong araw na iyon, natoka siya sa pagra-rounds ng iba nilang mga kliyente. Tag-ulan noon kaya maraming may-sakit sa kanyang staff. Unang kaso niya ang mga Regalado. Napadpad siya noon sa ICU at tumambad sa kanya ang umiiyak na mag-asawang Sta. Maria.

Nag-alangan siya kung lalapitan ba ang mga ito. Pero dahil may nag-abiso sa kanilang kompanya, mula sa kampo nila tungkol sa akisidente, he had no other choice but to proceed with his job.

The cries of the mother tore at his heart. Nang ipaliwanag sa kanya ng ama ang tungkol sa aksidente ng kaisa-isang anak ng mga ito, mas lalong sinakmal ng awa ang kanyang puso.

He also had a daughter—his only child. Kung may mangyari kay Kyla, malamang mababaliw din siya.

Because of this, he was compelled to help them personally. Ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya. Personal niyang nilakad ang mga papeles. Kinuha niya ang police report at pictures ng aksidente mula sa presinto. Ilang beses din siyang nakipag-meeting sa mag-asawa para kunin ang ilang requirements gaya ng deed of sale, most recent car registration, photocopy ng huling mga insurance payment stubs at kung anu-ano pa.

But in the end, his hands were tied by the situation because the authorizing signature needed for the check was in a coma. Kaya ibinigay na lamang niya ang sariling numero, para matawagan siya nang direkta ng mag-asawa, kung sakaling magising na ang anak ng mga ito.

Sa kanilang huling meeting, he made a big mistake. Sinulyapan niya ang mukha ng natutulog na dalaga, si Yvette. Nasa private room na ito noon.

Hindi na gaanong critical ang kondisyon nito, pero hindi pa rin nagigising.

Ang katawan nito ay tadtad ng tubo at benda. Pero kung titingnan lamang ang mukha nito, hindi mahihinuhang galing ito sa isang aksidente. Malaya niya itong natitigan, dahil ang ina nito ay saglit na lumabas sa pasilyo at may inabot sa kumatok na maintenance man.

He was left momentarily free to let his eyes roam and stare at her. She was a picture of calm and serenity. In fact, she reminded him of Kyla's favorite fairy tale, si *Sleeping Beauty*.

And Yvette was every inch a beauty with her long hair strewn over her shoulders framing a perfect heart-shaped face. She was almost glowing with her perfect porcelain skin. Sa puntong iyon, parang dinaklot ng kamao ang puso ni Jude at hindi siya makahinga. Nang bigla itong magmulat ng mga mata.

He didn't know what possessed him to lightly squeeze her hand and say, *"Just hang on. Don't give up. Hang in there."* Tatawagin sana niya ang ina nito, pero nang muli siyang tumingin sa dalaga ay pikit na uli ang mga mata nito. Tila yata siya ang namalikmata lamang sa pag-aakalang dumilat ito.

Basta ang alam lang niya, habag na habag siya sa dalaga, dahil ang sarili niyang ama ay namatay sa isang vehicular accident. Subalit sa paglalapat ng kanilang mga balat, nakadama siya ng kung anong kakaibang init. Kaagad niyang binitiwan ang kamay nito, na para bang nakuryente ng isang buhay na kawad ng elektrisidad.

He shrugged off the incident. Dahil sa labis na pagiging busy, nakalimutan na niya ang kaso. From time to time, may magpapaalala sa kanya tungkol sa mga Sta. Maria, but he didn't bother to get in touch with them again. Sa isip ni Jude, kung may kailangan naman ang mga ito, sila na mismo ang siyang tatawag sa kanya.

At dumating nga ang tawag na iyon. Kaya nang marinig niyang kausap ni Shirley si Mrs. Sta. Maria, sinenyasan niya ito na ibigay sa kanya ang telepono. Kinonekta nito ang tawag sa kanyang pribadong linya. At sa kanilang pag-uusap, ibinigay niyang muli ang oras na tulungan ang pamilya.

And now, Jude was asking himself: Why? Why would he step in when he already had a lot of work to do and he had a lot more competent people to handle the case?

Pumasok sa isip niya ang bilugang mga mata ni

Yvette. Today, when he saw her eyes open, pumasok din sa kanyang gunita ang sandaling iyon nang biglang nagmulat ito. Ngayon, tiyak na niyang hindi siya namalikmata lamang noon. Iyon din ang mga matang nakita niya noong nakatitig sa kanya.

Nakita niyang tila nagtatanong ang mga mata nito. If he read her right, shock registered through her face when she saw him. At ipinagtataka niya iyon. Or maybe it was just his imagination because he was mesmerized by her lovely face.

If she was beautiful while sleeping, she was simply more breathtaking when awake.

There was definitely something about her that is compelling him to help. Naisip niya, Yvette may be like *Sleeping Beauty* but she was no damsel in distress. Nakakasiguro siyang matatag ito, matapang na babae at independent. Sinabi pa nito, ito mismo ang nag-aasikaso ng maintenance ng sariling awto. Not many girls were like that, so he was impressed.

She was obviously a fighter. Her struggle to stay alive was the ultimate proof. Hindi mahina ang loob nito gaya ni Lorna.

Napapitlag siya nang pumasok ang pangalan na iyon sa kanyang utak. Tinapakan muna niya

ang brake, dahil wala naman siya sa main highway, at ilang beses siyang humugot ng hangin para maliwanagan ang isip. Inboluntaryong naglakbay ang isang kamay niya sa kanyang batok para himasin iyon.

Ipinilig niya ang kanyang ulo para mahimasmasan siya. But even then, he could not get the strange feeling off his chest. Bakit sumagi sa isip niya si Lorna? He hadn't thought of his crazy ex in the last ten years.

Why would he even think of Lorna and Yvette in the same frame of thought? Magkaibang-magkaiba ang dalawa. He forced himself to focus. Hindi niya dapat pag-aksayahan ng panahon ang ganoong mga personal na detalye.

When it comes to Yvette, he reminded himself to concentrate on business. He was a man of his word at nangako siyang tutulungan ito. Para magawa niya iyon, he should stick with the facts of her case.

# 3

Nagising si Yvette nang maramdamang may nakakapit sa braso niya. "Anong oras na?" naalimpungatan niyang sabi. May bahagyang ilaw na galing sa banyo. Maliban doon, wala na.

"3:00 a.m.," sagot ng nurse. "Sorry, ha. Kailangan ko kasing kunin ang blood pressure mo. I have to do vital signs check every hour."

"Okay lang," bulong niya, sabay kusot sa kanyang mata. Isang hikab ang pumakawala sa kanyang bibig at tinakluban niya iyon ng malayang kamay. "Sorry," kapagkuwa'y sabi niya.

Isang ngiti lang ang ibinigay ng nurse sa kanya, dahil abala ito sa stethoscope at blood pressure apparatus.

Sinuri ni Yvette ang paligid. Napangiti siya nang makitang wala roon ang kanyang ina. Sa wakas, pumayag na itong umuwi, kahit na ayaw nitong iwan siyang mag-isa. Matapos nitong mag-vigil sa tabi niya for the two past years, she forced her mother to take a break. And by the looks of it, she was finally able to convince her that she was

indeed all right.

Naramdaman niyang tinatanggal ng nurse ang velcro band na nakagapos sa kanyang braso. Ang isang kamay nito ay nakahawak sa kanyang siko. Napansin niyang parang nag-iinit ang palad nito.

Pero kaagad itong nawala dahil binitawan siya nito para ayusin ang mga instrumento sa dala nitong basket. Kapagkuwa'y inilabas nito ang isang thermometer. "Ito na ang last," nakangiti nitong sabi.

Kinuha nito ang kanyang forearm at ipininid ang thermometer sa kanyang kili-kili. Ngunit hindi na niya tuluyang naramdaman ang huli. Ang bukod-tanging napapansin ni Yvette ay ang nakakapasong hawak nito sa kanyang braso. Sobrang hapdi niyon.

Nawaglit lahat ng hangin sa kanyang baga. For a second there, hindi na niya namalayan ang nangyayari sa paligid. Nagdilim ang kanyang paningin. Nakakita siya ng matinding liwanag.

Maihahalintulad iyon sa liwanag sa kanyang mga panaginip matapos ng aksidente. Sa isang iglap, nawala ang liwanag at napalitan iyon ng malaking apoy. Naglalagablab ang apoy sa paligid ng nurse at parang nakita niyang tinutupok niyon ang isang

bahay.

Nagmulat siya ng mga mata. “Nurse Jean!” bulalas niya kahit ngayon lang niya nakita ang nurse na ito. “Tumawag ka sa inyo. May sunog. Nasusunog ang bahay n’yo!”

The nurse looked at her as if she was crazy. Hindi ito nagsalita at itinuon ang atensyon sa thermometer. Kinuha nito iyon. “Wala ka namang lagnat.”

Kinabahan si Yvette. She remembered her vision. “Dalawa ang anak mo. Isang kulot na babae at isang matabang lalaki.”

Naningkit ang mga mata nito. “Hindi ito magandang biro,” matigas nitong sabi.

Hinawakan niya ang kamay ng nurse bilang pagsusumamo. “Please, this is not a joke. I saw them. Just call your house and ask. Wala namang mawawala.”

Bumuntong-hininga ang nurse, tumango, at umiiling-iling na naglakad palabas ng silid. Marahil pumayag lamang ito para manahimik siya. Kitang-kita pa rin niya ang pagdududa nito sa mga pinagsasabi niya.

And she couldn’t blame the nurse. Kasi, kahit

siya mismo ay hindi sigurado sa kanyang mga nakita. Ano ba ang nangyari sa kanya? Nababaliw na ba siya?

Bumuntong-hininga siya para mapanatag ang kanyang kalooban. Sa isip-isip niya, *better safe than sorry*.

Naalala niya si Jude at napangiti siya. He said the very same thing to her, at napanatag ang kalooban niya. There was something about the way he said it, that was so believable. He made her feel safe, as he was looking at her with those dark expressive eyes of his.

She felt something stir in her heart at the memory. Pero hindi niya iyon maintindihan, because supposedly, si Wilfred pa rin ang nagmamay-ari ng puso niya. Wasn't she still hurting because of her fiance's betrayal?

Bago niya lubusang mapag-isipan ang sagot sa tanong niya, bumukas ang pinto. Humahangos na bumalik sa silid si Nurse Jean.

"P-p-paano mo nalaman?" takang-takang tanong nito. Tumayo ito sa gilid ng kanyang kama. "T-tama ka. May sunog nga."

Napaigtad si Yvette mula sa pagkakahiga.

Nagsitayuan ang balahibo niya sa batok. Bigla siyang pinagpawisan nang malapot, kahit na may air-con sa kanyang silid. Never in her wildest dreams did she think her vision would become a reality. “Kumusta ang mga anak mo?”

“Okay naman sila. Nagising ang asawa ko dahil tinawagan ko siya,” kuwento nito. “Dahil doon, nakita nila ang nagsisimulang sunog sa apartment sa tabi namin. Naagapan naman at napatay agad ang apoy. Hindi na gumapang.”

Niyakap siya ng nurse. “Maraming salamat talaga sa iyo!” taos-pusong pahayag nito. “Kung hindi sila nabigyan ng babala, baka nasunog sila.”

Hinagod niya ang likod nito. “Buti nakatulong ako.”

Nang maghiwalay sila, nagpaalam ito upang umuwi dahil sa emergency. Papalakad na ito patungo ng pinto, nang bigla itong humarap muli sa kanya na para bang may naalala. “Paano mo nga pala nalaman?”

Nagkibit-balikat si Yvette. “Iyan din ang tanong ko sa sarili ko,” aniya. “Basta nang hawakan mo ang braso ko kanina, parang napaso ako. ‘Tapos nakakita ako ng matinding liwanag. Matapos niyon,

ang eksena ng sunog."

"Psychic ka pala. May kakaiba kang gift."

Marahas ang pag-iling ni Yvette. "Hindi!" bulalas niya. "This is the very first time it happened to me. Sa totoo lang, litong-lito rin ako. Siguro related ito sa aksidente ko. Nakita ko rin kasi ang ganoong liwanag bago ako nawalan ng malay."

Waring nag-iisip ang nurse na para bang pina-process lahat ng kanyang sinabi. "I wish mabigyan kita ng payo bilang kapalit sa tulong mo. Pero hindi ko rin alam kung paano ipapaliwanag ng science ang nangyari sa 'yo," anito. "Basta isipin mo na lang, kung ano man ang nangyayaring iyan, regalo iyan ng Panginoon. What else could it be? I'm sure it's happening for a reason."

"Salamat." Kumaway siya at tuluyang lumabas ng silid si Nurse Jean.

Naiwan siyang nag-iisa roon. Kung kanina ay naiinitan si Yvette, ngayon naman para siyang biglang giniginaw. Ibinalabal niya ang kumot sa mga braso at sumandal sa mga unan. A part of her wished her mother was there para hindi siya matakot sa kung anong mahiwagang karanasang naganap sa kanya.

She remembered reading somewhere that

people who encounter near-death experiences always recount they see a blinding flash of light, which they believe to be heaven.

Langit nga ba ang nakita ni Yvette sa gabi ng aksidente? Iyon kaya ang matinding liwanag? Pinilit niyang alalahanin ang mga detalye ng gabing iyon, pero hindi niya maalala. It was just a huge blur. Paano kung apoy pala ng impiyerno ang nakita niya?

Litung-lito siya sa mga katanungan na gumagambala sa kanyang isip. Gusto sana niyang i-discuss iyon sa doktor kinabukasan, but she had this strong feeling they would think she was crazy. And the last thing she wanted on top of all her therapeutic rehabilitation programs is a psychological evaluation.

NAKALAPAT ANG KAMAY ni Dr. Benedicto sa kanyang braso. Kitang-kita ni Yvette ang matataba nitong daliri na nakalubog sa kanyang kakarampot na laman. Napangiwi siya sa kanyang kapayatan. Ipinangako niya sa sarili na kakain siya nang marami para manumbalik ang dati niyang pigura.

Naalala niya ang kanyang misyon. She should focus on that. Muli niyang tinitigan ang kamay ng

doktor. Hinintay niya ang paggapang ng kung anong kilabot. She waited, waited, and waited. Pero wala. Wala rin siyang nakitang matinding liwanag.

Natapos ni Dr. Benedicto ang kanyang thorough physical examination nang wala siyang nakikitang anumang vision. Hindi maintindihan ni Yvette ang nadarama niya. She knew she ought to be relieved dahil ayaw naman niya talagang maging psychic. But another part of her felt somewhat disappointed.

"Everything is fine, Miss Sta. Maria," anito. "You're as fit as a horse. The only thing you need to continue working on is the physical therapy for your legs. But as it is, your mother tells me na nakakahakbang ka na nang may alalay. I'm sure in a few more days, kaya mo nang maglakad nang may baston."

Napangiwi si Yvette. Gusto niyang maglakad... mag-isa. Nang walang anumang alalay. But she knew she had to be patient. "Salamat, Doc."

"I will just sign this discharge slip and then you're free to go. I hope I'll never have to see you in this hospital again," anito, sabay kindat.

Natawa siya sa biro nito. She herself felt she had overstayed her welcome in this hospital. Buti

na lang, kaya ng mga magulang niya lahat ng gastos sa matagalan niyang pamamalagi roon. If she had come from a family with lesser means, matagal na siguro siyang patay.

Biglang nawaglit ang kanyang ngiti. Nanumbalik ang kanyang seryosong aura. “Salamat talaga, Doc.”

Mula sa background, lumutang ang nanginginig na boses ng kanyang ina. “Y-you m-mean…” Lumunok ito. Tantya niyang parang maluha-luha ito. “You mean, she can finally go home?”

Tumangu-tango ang may kabilugang doktor. “Yes, Ma’am. She can continue her physical therapy at home. Basta hinay-hinay lang, huwag bibiglain.”

*Home*, ulit niya sa kanyang isip. Lord, how it sounded so good. Gusto na talaga niyang umuwi. It would be nice to be able to lie down again on her own bed. Makikita na rin niya ang alaga niyang Shih Tzu, si Milky. The thought filled her with anticipation. Ipinalakpak niya ang kamay na para bang bata. “Yehey!”

Kapagkuwa’y lumabas si Dr. Benedicto at naiwan silang mag-ina sa silid.

“Your dad will be so thrilled kapag nalaman niyang uuwi ka na,” excited na sabi ni Evelyn.

"Aayusin ko lang ang bills natin sa ibaba. Then, magpapasundo tayo sa daddy mo o kaya sa driver. Basta ako na'ng bahala sa lahat. You don't have to lift a finger."

"Mama naman," reklamo ni Yvette. "Hindi ako imbalido. Leave me something to do. I want to feel useful."

Mukhang nagdadalawing-isip-ito. Pero kapagkuwa'y sabi nito, "Fine." Kinuha nito ang kakaunting damit sa cabinet at isang maliit na travelling bag. "Sige, ilagay mo iyan diyan. Magpalit ka na rin ng damit. Not unless…"

"What?"

"Not unless you want to go home in a hospital gown," biro nito.

Nagkatawanan ang mag-ina. Damang-dama ni Yvette ang echo ng mga halakhak sa kanyang diaphragm pero wala siyang pakialam. It felt so good to laugh. She hadn't laughed out loud like that for a long time now.

Lumabas ang ina niya sa silid at naiwan siyang nakangising parang matsing. Namili siya ng susuotin mula sa mga damit na naiwan sa kanya. Itinabi niya sa sulok ng kama ang isang bestidang may zipper sa

likod. It would be the easiest for her to put on.

Itinupi niya ang ibang mga damit at isa-isang ipinasok sa maliit na travelling bag. Nang matapos niya iyon, ibinaba niya ang sisidlan sa sahig. Hinubad naman niya ang hospital gown at isinuot mula sa ulo ang bestida. The dress pooled around her thighs. Hindi na muna niya inayos iyon dahil abala siya sa pagsara ng zipper sa likod.

But the stubborn zipper refused to budge. Hindi niya alam kung stuck ang zipper o kulang lang ang mga kamay niya sa practice.

Mga ilang minuto na siya sa ganoong ayos, nakikipaglaban sa zipper, nang may kumatok sa pinto. Dahil sobra ang kanyang konsentrasyon sa buwisit na zipper, hindi na niya naalala ang kanyang anyo. “Come in,” she responded without thinking.

Kapagkwa’y lumutang ang gulat ng boses ni Jude. “Oh! Oh, I’m sorry!” mabilis nitong sabi. “I didn’t mean to…”

# 4

Nang marinig niya ang boses ni Jude, ito ang nagsilbing malamig na tubig na bumuhos sa kanyang ulo. Noon lang naalala ni Yvette ang kanyang hitsura. Naramdaman niyang namumula ang kanyang mga pisngi.

Although she didn't want to, she forced herself to look up to his face. Nakita niyang hulog ang mga panga nito at dilat na dila ang mga mata, na kulang na lang ay mahulog mula sa mga talukap. He looked shocked.

Gusto niyang matawa sa nakangiwi nitong mukha. Looking at him, one would think this was the very first time he had ever seen a half-naked woman. Kungsabagay, she wasn't technically half-naked. It was only her thighs and her back that were exposed. Natatakpan nang maayos ang kanyang dibdib. That, at least, consoled her.

"I need help. Stuck ang zipper," aniya, sabay tapon ng mga kamay sa ere. It was no use playing coy, even if she was embarrassed to her very core. Besides, she really needed help, anyway.

Yvette knew she could call a nurse for the job.

Pero dahil naroon na sa loob ng kanyang silid si Jude, he was the only candidate. “Will you help me?”

Hindi na siya nagdalawang-isip sa paghingi ng tulong dito. Hindi naman ito mukhang malisyoso. In fact, he looked a lot more embarrassed than she was. Mas conservative siguro ito sa kanya.

Add to that, she highly doubted he would find her attractive, dahil buto’t balat siya. Sa hitsura niya, ang bukod-tanging hahabol sa kanya ay aso.

Nope! Imposible talagang ma-attract ang tulad nito sa kanyang mukhang dinaanan ng malaking pison.

Hindi nagsalita si Jude pero tumango ito. Ipinatong nito ang dalang folder sa mesita, saka naglakad patungo sa likuran niya at kaagad nitong isinara ang zipper. In fact, it was so fast she barely felt his skin touching hers. He was that efficient.

“There!” masayang bulalas nito nang maiangat ang zipper.

“Thanks! You’re my hero,” biro ni Yvette para mawala ang kung anumang tensyon sa ere. Pasimple niyang inayos ang palda ng damit, na lampas ng kanyang tuhod, kaya pagpunta nito sa harapan ay matino na ang kanyang hitsura. “May balita ka ba?” Minabuti niyang gawing seryoso ang usapan para

hindi nito mapansin na apektado siya sa mumunting tagpong iyon.

Pero ang totoo, gusto sana niyang ungkatin sa binata ang laman ng kanyang panaginip. Hanggang ngayon, palaisipan pa rin sa kanya kung bakit narinig niya ang boses nito habang siya ay nasa coma pa. Kaya lang, nahihiya siya.

"I don't have very good news," simula nito. "Nagpunta ako sa talyer na binanggit mo. Ang sabi ng service records, inayos nga raw nila ang brakes ng sasakyan mo noong araw na iyon. Tama ka, sinabotahe nga ang sasakyan mo."

"I knew it!"

"I was able to track down pictures of your car from the old file. Parang niyuping sandwich ang awto mo."

"Dala mo ba?" urirat niya. "Gusto kong makita."

Napakunot-noo ito. "Are you sure you're ready for this?"

Tumango si Yvette. "People are always asking me that question. I feel I've already waited long enough."

Kinuha nito ang folder mula sa attaché case at iniabot iyon sa kanya. She looked at several pictures.

The severity of her car wreck sent chills up her spine. "Oh, my God! Who would think na mabubuhay pa ang sinumang nakasakay rito? I'm so lucky to be still alive."

"You are," ani Jude. "That's why we have to get the cops involved. The next time, you might not be so lucky."

Isinara niya ang folder at ipinatong iyon sa kama bago siya nagsalita. She had a feeling she would drop it on the floor dahil sa matinding panginginig ng mga kamay niya. "Hindi na kailangan pa ng pulis," mariin niyang pahayag. "Having them around will just cause undue stress on my family. It's the last thing they need."

"Pero—"

"Walang pero-pero," putol ni Yvette. "Ayaw kong mag-alala pa ang mga magulang ko. They have already done nothing but worry about me in the past two years."

Hindi umimik si Jude dahil pansin nito kung gaano siya kaseryoso. Nagpatuloy si Yvette sa kanyang paliwanag. "And it's not like the police can do anything to help me. Wala na ang kotse para ma-trace nila ang fingerprints ng nakialam sa brake. Besides, napaka-incompetent nila."

"Ang sa akin, suhestyon lang naman. Na sa iyo pa rin ang final say."

"But I do still want to get to the bottom of things," pasubali niya. "Just not with the police. P'wede mo pa rin ba akong tulungan?"

Hindi muna sumagot ang lalaki. Tinimbang nito ang request ng dalaga. A part of him wanted to say no, because being around her made him nervous. On the other hand, there was something about her that roused his protective instinct.

"Babayaran kita para sa oras mo," pagpapatuloy ni Yvette.

"It's not about the money," sagot nito. "Consider it as part of the company's service for getting us as your insurance provider."

Pumalakpak ang tainga niya. "So you'll help me then?"

Tumango ito. "Ang sabi ni Mang Johnny, yung gumawa sa kotse mo—"

"Mang Johnny?" putol niya. "Bago siguro siya. Hindi siya ang gumawa sa kotse ko. Si Mang Vic ang mekaniko ko. You must have talked to a different person."

Umiling ang binata. "Hindi. Si Mang Juan

"Johnny" Velayo ang siyang nakatalang gumawa ng sasakyan mo noong araw na iyon. Iyon ang nakalagay sa service records."

Umiling siya. "No," aniya. "Tanda ko, iniwan ko ang kotse kay Mang Vic."

"You know, I just have to say I'm impressed. Most of the women I know don't care that much about their cars."

"Well, I'm not most women," aniya. "Besides, I bought my car with my own money, kaya inaalagaan ko iyong mabuti. Panata ko na hindi umasa sa mga magulang ko. And one thing about me, when I do something, I do it thoroughly. Kaya hindi ako maaaring magkamali tungkol sa mekaniko."

"Okay, I believe you," sagot ni Jude. "We have our first lead then. Bukas, babalik ako sa talyer. Kakausapin ko ang sinasabing mong Mang Vic, pati na rin si Mang Johnny, nang sa gayon ay malaman natin kung ano ba talaga ang nangyari sa kotse mo. Wala kasi si Mang Vic sa talyer noong dumaan ako."

Naibsan nang kaunti ang bigat sa kanyang dibdib. Having Jude as her ally brought her a great source of comfort. "Maraming salamat. You're big a help."

Akmang sasagot ang binata, pero naputol ang

sasabihin nito sa pagbukas ng pinto. Lumutang sa kuwarto ang boses ni Evelyn. “Hija, naayos ko na ang bill. Pero tinawagan ko ang driver at ang papa mo pero wala silang sagot.” Napansin nito na nandoon pala si Jude. “Narito ka pala, hijo. Ano’ng balita mo para sa amin? Good news, I hope.”

Kinausap ni Yvette ang lalaki gamit ang kanyang mga mata. Nagsusumamo siyang huwag nitong banggitin ang bad news na pinag-usapan nilang dalawa, pati na rin ang plano nilang uriratin ang nakaraan. Pihadong mag-aalala lamang ang kanyang ina.

Pasimple siya nitong sinenyasan, bago sumagot. Ginamit din nito ang mga mata, para hindi makahalata ang matandang babae. “Okay naman po, Ma’am. I just need your daughter to sign a few papers para ma-issue na namin ang tseke.”

Napapalakpak si Evelyn. “That’s good news!” Ibinaling nito ang atensyon sa anak. “Did you hear that, honey? One good news after the other. This will really be a good year for us after the two bad ones na wala kang ulirat.”

Yvette wanted to share in her mother’s excitement, pero hindi niya iyon magawa. Parang napakahirap ma-excite gayong maraming hindi magandang misteryo na kailangan ng kasagutan.

Pero para sa kanyang ina, nagpaskil siya ng pekeng ngiti. "It's really great! Ngayon, kailangan na lang natin si Papa, para makaalis na tayo rito. I'm beginning to hate this place," aniya habang sinusuri ang paligid.

"Idi-discharge ka na?" gulat na tanong ni Jude.

Tumango siya.

"Well then, I'll take you home," mungkahi nito. "It won't be a bother at all."

Tatanggi sana siya, pero napangunahan siya ng ina. "That's great, hijo. Siguradong magugulat ang papa ni Yvette."

Ilang sandali pa'y lulan na sila ng sasakyan ng binata. Hindi makapaniwala si Yvette na papauwi na siya. Inabala niya ang sarili sa pagtingin sa mga tanawin sa labas. The outside world looked both somewhat familiar and strangely different. Naroon pa rin ang gulo, ang usok at ang traffic. Parang mas lumala pa nga lahat. Ngunit kahit gayonpaman, it felt good for her to be a part of this crazy world once again.

Nang pumasok sila sa Alabang 400 Village kung saan sila nakatira, she felt tears at the back of her eyes. This is it. Pauwi na siya sa simbulo ng pagmamahal at pag-aaruga ng kanyang mga magulang. She was

finally returning home.

Ipinarada ni Jude ang sasakyan sa harap ng front door nila. Kaagad na bumaba ang ginang at dumerecho sa loob ng bahay. May palagay si Yvette na tatawagin nito ang dalawa nilang kasambahay para tulungan sila.

Sinundan niya ng tingin ang ina kaya hindi niya napansin na binuksan ng binata ang pinto sa gawi niya. Nagulat na lamang si Yvette nang makitang nakadukwang ito at kinakausap siya.

“Halika na sa loob,” anito. “Tutulungan kita.”

And that was when it dawned on her na si Jude ang bubuhat sa kanya. Sinaklot siya ng kung anu-anong damdamin—hiya, takot, galak, nerbyos at kung anong kilig na hindi niya maipaliwanag. Pero nangingibabaw sa lahat ang hiya.

Tatanggi sana si Yvette pero ayaw niyang ma-offend ito o isipin nitong maarte siya. Kaya kahit labag sa kalooban niya, wala siyang nagawa kundi hawakan ang braso ng lalaki at magpabuhat dito.

She felt something on her skin sizzle the moment her hands touched the nape of his neck. For a split second, feeling niya, siya ay tila prinsesang binuhat at iniligtas ni *Prince Charming*. Sa saglit na iyon, lumipad ang lahat ng kanyang mga alalahanin at

problema.

Pero kung gaano kabilis sumagi iyon sa isip niya, ganoon din naman ito kaagad napalis. Bumalik siya sa masaklap na realidad pag-upo nito sa kanya sa wheelchair.

Nainis si Yvette sa sarili, sa mga nadarama, at sa sitwasyon. Pero kahit magngitngit man siya sa inis, wala siyang magawa para mapabago ang sitwasyon. Si Jude pa mismo ang tumulak ng wheelchair papasok sa loob ng kanilang bahay.

"Hijo, naabala ka na talaga nang husto," sabi ni Evelyn na kay bilis ng hakbang galing sa kusina. Kabuntot nito ang dalawa nilang katulong. Binati siya ng mga ito bago lumabas para kunin ang iba nilang gamit.

"Umupo ka muna riyan, hijo," anang kanyang ina. "Hayaan mo na sina Inday ang maghakot doon. Ikukuha kita ng juice."

Bago pa makatanggi si Jude, pabalik na ang ginang sa kusina, para kumuha ng merienda. Umupo na lamang ito sa isang armchair, katabi ng kanyang wheelchair. "Babalitaan na lang kita bukas kung ano ang mangyayari sa lakad ko sa talyer," anito. "Nasa akin naman ang numero ng telepono n'yo rito sa bahay."

“Wala pa nga akong cell. Siguradong nasira iyon sa aksidente,” aniya. “Pero teka, gusto kong sumama bukas. I want to find out what’s going on.”

He looked doubtful. “Sigurado ka bang kaya mo na? I don’t think your mom would approve.”

Nadismaya si Yvette. Paano nga ba niya matatakasan ang nanay niya? She would undoubtedly ask questions. “Ayan na naman ang tanong na ‘yan,” buntong-hininga niya. “Kaya ko na. As for my mother, ako’ng bahalang magdahilan sa kanya. Gusto ko talagang sumama, that is kung hindi ka maaabala. Promise, di ako magpapaasikaso.”

“Hindi iyon abala sa akin. Basta siguraduhin mo na believable ang dahilan mo. Baka pati ako, makagalitan niya,” mahinang sabi nito habang tumitingin-tingin sa gawing kusina para sa anino ni Mrs. Sta. Maria. “Dadaanan kita ng alas diez.”

Yvette knew she was imposing on him. Buti na lang, pasensyoso ito at pumapayag naman. “Salamat talaga. Marami na akong utang sa ‘yo kaya I will pay for your gas bukas,” sinserong pahayag niya.

Bumalik ang kanyang ina sa sala kaya hindi na nila muling pinag-usapan ang tungkol sa misteryo ng kanyang aksidente. Tahimik na lang silang kumain ng meriendang inihanda ng matanda. Matapos nito,

nagpaalam na si Jude.

“Dito ka na kumain ng hapunan,” paanyaya ng ginang. “Nagpahanda ako ng masarap na ulam dahil unang gabi ni Yvette ngayon dito sa bahay after two years at the hospital. We’d love to have your company.”

“Salamat ho, Ma’am,” sagot nito. “But I have to get going. Hinihintay po ako ng anak ko sa amin.”

Nagitla si Yvette sa bombang pinasabog nito. And here she thought he wasn’t even married. Mali siya kasi may anak ito. *Ilang taon na kaya ang bata?* naisip niya. He didn’t look like a dad at all. Sa totoo lang, mukha itong binata.

At talagang binata ang dating nito, kasi wala itong suot na wedding ring. But then, he could be the type who just does not want to wear jewelry. Kunsabagay, ano ba ang pakialam niya sa marital status nito?

Pero kahit anong pangungumbinsi niya sa sarili na hindi siya apektado, nakadama siya ng disappointment. At hindi niya iyon maintindihan. It was really shocking for her to find out that he was already a father and that he could possibly be somebody else’s husband.

*Gaga!* kastigo niya sa sarili. She knew she was

being silly for thinking all these crazy thoughts. Kalalabas pa lang niya sa ospital, lalaki na ang pinag-uukulan niya ng pansin. Instead, she should focus on getting better.

“Bye, Yvette,” paalam ng lalaki, na humuli sa kanyang naglalakbay na diwa.

“Sige,” aniya. “Maraming salamat uli sa lahat-lahat.”

Habang tinitingnan ang papaalis nitong pigura, nakadama siya ng panghihinayang. It would have been nice to get to know Jude Regalado more over dinner. Pero may ibang araw pa naman. Napabuntong-hininga na lang siya.